# Paano Magpahayag ng Ebanghelyo sa Henerasyon Ngayon

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Jason H. Laguerta
Hunyo 03, 2023

Ang pagpapahayag ng Ebanghelyo ay isang pagkakataong maibahagi si Kristo sa mga tao at magkaroon ng malalim na kaugnayan sa Kanya. Ang pamilya ang puso ng" NGAYON" na naghihikayat ng kapwa tungo sa Diyos, dahil pamilya ang unang nagturo ng pagtitiwala at pananampalataya. Upang mapalago ang ating pananampalataya, maniwala sa mensahe ng Ebanghelyo, humayo at magpahayag. Sa pamamagitan ng ating mga karanasan, magagamit nating halimbawa ang mga ito upang makahikayat at maging inspirasyon ng mga taong makasasalamuha natin. Bawat isa sa atin ay may magandang balitang ibinigay ng Diyos upang ipamahagi at gawing instrumento sa henerasyon NGAYON.

**A. Ang ibig sabihin ng "NGAYON" ay:**

**1. Sa Isang Sandali** – lahat ng ginagawa ngayon ay mabilisan, masyado na tayong mainipin. Ang pamumuhay sa henerasyon **ngayon** ay ayaw ng maghintay, gusto makamit agad ang hinahangad.

**2. Ang Kasalukuyan** – kulturang laging sinisisi ang nakaraan. Para bang nabubuhay pa tayo noong 70's. Umiiwas tayong managot sa responsibilidad na naka-atang sa ating balikat.

**3. Ang Misyon** - ibinigay sa atin ang NGAYON, ang inilaan na panahon para tayo ay makahikayat ng tao patungo sa Diyos. Kagaya ng sinabi ni Papa Francisco sa WYD noong 2019 sa Panama "Hindi tayo ang bukas, hindi tayo pansamantala, **tayo ang NGAYON ng Diyos".**

Ayon sa pagsasaliksik at pag-aaral mula sa *Philippine Statistic Authority* (PSA), ipinapakita ang bilang ng mga Katolikong nagsisimba o dumadalo sa mga gawaing simbahan sa loob ng isang lingo.
Nakasaad na bawat taon ay bumababa ng isang porsyento (1%) ang mga nagsisimbang Katoliko, ibig sabihin milyon ang nawawala bawat taon.

**B. Bahagi na kailangan nating pagtuunan ng pansin ayon sa datus na ibinahagi:**

**1.Nawawala na ang mga kabataan.** Ayon sa datus, 3 sa bawat 10 kabataan na lang ang nagsisimba. Kailangan natin silang hanapin at maibalik sa pananampalatayang Kristyano. Simulan natin sa ating pamilya, kamag-anak at kaibigan.

**2.Hindi na bumabalik ang iba.** Marahil sumama na sila sa mga taong nakahikayat sa kanila, mga taong may ibang relihiyon o komunidad. Kailangan nating kumilos upang maibalik natin sila sa pagka-katoliko.

**3.Hindi tayo naging disipulo/alagad sa kapwa.** Sa ating mga Katoliko, marami ang binibinyagan araw-araw. Pag-isipan natin kung paano natin sila mahikayat na maging alagad at lingkod ng Diyos.

Katulad ng palaging itinuturo sa atin sa komunidad, kailangan natin muling balikan at isabuhay ang **(Mateo 28:19-20).**

1. **Humayo** (misyon)
2. **Maging alagad** (magpahayag ng ebanghelyo)
3. **Bautismuhan** (sakramento)
4. **Turuan** (Katekesis)

Ako'y laging kasama ninyo hangang sa katapusan ng panahon.

**Konklusyon:**

Tayong lahat ay may pananagutang magpahayag ng Mabuting Balita sa ating kapwa. Ang **sarili nating karanasan** ay isang matibay na pagpapahayag ng Mabuting Balita. Maghikayat tayo ng mga taong bumalik sa pananampalataya sa Diyos at gawing inspirasyon ang ating mga karanasan sa buhay.

**Pagninilay:**

1. Gaano ka kadalas dumalo sa Banal na Eukaristiya at sa mga gawaing simbahan o pankomunidad?
2. May nahikayat ka na bang bumalik sa simbahan, komunidad o sa Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/teachings
Tags:#Pagpapahayag#Panalangin